

**OPISYAL NA PAHAYAG**

Hunyo 11, 2020

Pakikipag-ugnay: Sentro ng Pinagsamang Impormasyon ng Lungsod ng Long Beach,  
562.570.NEWS, [jic@longbeach.gov](mailto:jic@longbeach.gov)

Para sa Agarang Pahayag

## **Inilunsad ng Long Beach ang SafeBiz, isang Pansariling-Sertipikasyon para sa mga Negosyo**

Long Beach, CA - Ngayon, inilunsad ng Lungsod ng Long Beach ang [SafeBiz](#), isang web-interface na nagpapahintulot sa mga negosyo, na maaaring magbukas muli ayon sa utos na “Masligtas sa Tahanan” na patunayan ang sarili na sila ay nakatuon sa ligtas na pagbubukas ng kanilang negosyo.”

“Ang pagtiyak na nasa lugar ang mga hakbang upang ligtas na mabuksan ang mga negosyo sa buong Lungsod ay mahalaga upang limitahan ang pagkalat ng COVID-19,” sabi ni Mayor Robert Garcia. “Ang patuloy na pagbubukas ng ating Lungsod ay nananatiling pangunahing prayoridad. Ang paggawa nito nang ligtas sa suporta ng lokal na data ay patuloy na gagabay sa aming proseso.”

Pinapatnubayan ng SafeBiz ang mga may-ari ng negosyo sa pamamagitan ng isang tseklis ng mga hakbang sa kaligtasan na hinihiling ng utos na “Masligtas sa Tahanan” upang maiwasan ang pagkalat ng COVID-19. [Utos sa Kalusugan na “Masligtas sa Tahanan” Appendix A: Protokol sa Pisikal na Pagdistansya](#) ay kinabibilangan ng mga hakbang upang maprotektahan ang kalusugan ng empleyado, upang mapigilan ang mga pagtitipon ng mga tao, upang mapanatili ang 6 na talampakan na distansya sa mga iba at maiwasan ang hindi kinakailangang kontak, at ang pagdagdag ng mga hakbang sa sanitasyon upang suportahan ang isang ligtas na kapaligiran para sa mga patron. Dapat ipatupad ng mga negosyo ang mga naaangkop na mga hakbang, o maging handa upang ipaliwanag kung bakit ang mga hakbang na hindi ipinatupad ay hindi naaangkop sa negosyo. Kung ang lahat ng mga katanungan ay angkop na na-sagutan, isang sertipikasyon ay awtomatikong ibibigay matapos makumpleto ang

pansariling pagtatasa para sa negosyo na mag-print at mag-post sa lugar na kita ng lahat kasama ang pag-post ng Protokol sa Pisikal na Pagdistansya.

Ang mga tauhan ng Long Beach Code Enforcement ay pana-panahong susuriin ang mga entry sa sertipikasyon sa sarili upang matiyak na may-bisa sila at gagamitin ang database upang magsagawa ng mga ala-suerteng pagsusuri sa mga negosyo upang matiyak ang pagsunod.

Ang mga residente ay maaaring mag-ulat ng mga paglabag at mga hindi sumusunod na negosyo sa pagtawag sa 562.570.2633 o pag-email sa [CETaskForce@LongBeach.gov](mailto:CETaskForce@LongBeach.gov).

Ang SafeBiz ay isa sa maraming mga pagsisikap ng Lungsod upang mabawasan ang mga epektong pang-ekonomiya ng COVID-19 at upang ligtas na mabuksan ang Lungsod. Ang iba pang mga aksyon ay kinabibilangan ng pagtatag ng Long Beach Disaster Relief Fund; isang [komprehensibong Economic Relief Package](#) na ipinasa ng Konseho ng Lungsod noong Abril 14; ang paglulunsad ng programang [Work Long Beach](#) ng Pacific Gateway; ang ReopenLB Sarbey sa Komunidad; at ang pagtatag ng isang [Economic Recovery Advisory Group](#). Ang Lungsod ay nagtatag din ng isang website para sa Mapagkukunan para sa Negosyo at Manggagawa at isang hotline para sa mga may-ari ng negosyo at manggagawa, 562.570.4BIZ (4249), na kung saan ay pinatatakbo mula 8 a.m. hanggang 5 p.m. Lunes hanggang Biyernes.

Para sa karagdagang impormasyon sa COVID-19, at mga detalye sa lahat ng ginagawa ng Lungsod ng Long Beach upang mapanatiling ligtas ang kanilang residente, bumisita sa: [longbeach.gov/COVID19](http://longbeach.gov/COVID19) at sundan ang @LongBeachCity sa Facebook, Twitter at Instagram.

###